**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**
**REFERENCE: DIRECTOR CECILIA M. SUERTE FELIPE**

**TALUMPATI NI PANGULONG FERDINAND R. MARCOS JR. CEREMONIAL TURNOVER OF NIA PROCURED OPERATIONS AND MAINTENANCE EQUIPMENT AND VEHICLES (3RD TRANCHE RE-FLEETING PROGRAM)**

[Inihayag sa ICON JCB C6 Yard, Barangay Wawa, Lungsod ng Taguig | Ika-02 ng Hunyo 2025]

Maraming salamat sa ating NIA Administrator Engr. Eddie Guillen. *[Magsiupo po tayo.]*

Taguig-Pateros 1st District Representative, Representative Ricardo Cruz Jr.; other members of the House of Representatives; Taguig City Mayor Maria Lani Cayetano; the officers and employees of the National Irrigation Administration; irrigators – the most important, ito 'yung pinakamahalaga na bisita natin ngayon, ang mga irrigators' association at farmer beneficiaries na tatanggap ng – sila ang gagamit nitong ating mga bagong mga gamit, mga makinarya; my fellow workers in government; our full partners in development in the private sector; ladies and gentlemen.

Magandang umaga po sa inyong lahat!

Kanina lang po ay nasaksihan natin ang pamamahagi ng ikatlong tranche ng mga kagamitang pang-irigasyon, pansaka, at mga operations and maintenance equipment.

Sa tulong ng mga sasakyan, backhoe, dump trucks, excavators, umaasa tayo na mas bibilis ang pagsasaayos ng mga nasirang irigasyon at ang pagpapatayo ng mga bagong proyektong patubig.

Mula Luzon hanggang Mindanao, maging lowland man o upland farming, siguradong may maaasahang sistemang patubig ang mga magsasaka natin.

At kapag maayos ang irigasyon, mas malaki ang ani, mas magandang kalidad ang ating mga produkto,  mas mataas ang kita ng ating mga magsasaka.

Sa pamamagitan ng mga sasakyan at gamit na ito, may pagkain sa hapag at mas matatag ang sektor ng ating agrikultura.

Napakahalaga ng re-fleeting program ng NIA lalo na po sa panahon ngayon. Mabigat ang pagsubok na kinakaharap ng ating mga magsasaka dahil nga sa dinudulot ng climate change—mas matinding init, mas malalang ulan, at pabago-bago at hindi malaman kung ano dry season na, kung wet season, pabago-bago ang panahon.

Lahat po ng mga ito ay nagdudulot ng pagkasira ng pananim. Kaya ating tinututukan ang kahandaan sa anumang hamon ng kalikasan—tagtuyot man o tag-ulan.

Kung may kailangang ayusin sa irigasyon, dapat may agarang aksyon at matibay na solusyon.

Kaya po ang hiling ko sa lahat ng kawani ng NIA, ingatan, alagaan, at gamitin ninyo ang mga sasakyan at pasilidad nang wasto.

Saksi ako sa inyong sipag [sa] paglilingkod sa ating mga magsasaka. Ngunit, hiling ko sa inyo na paigtingin pa ang inyong pagsisilbi. Makinig sa kanilang mga hinaing. Huwag hintayin na sila ay lumapit sa inyo. Kayo na ang umikot sa ating mga magsasaka. Pabilisin ang tugon sa kanilang problema. At higit sa lahat, maglingkod nang tapat.

Huwag natin sasayangin ang tiwalang ipinagkaloob sa atin ng taumbayan.

Para naman sa ating mga magsasaka, hindi namin matutumbasan ang inyong naging sakripisyo. Ngunit, sa bawat programa na aming ginagawa para sa inyo, nawa'y madama ninyo ang aming pagsuporta at pagpapahalaga sa lahat ng ating mga magsasaka. *[palakpakan]*

Kayo po, aming mahal na magsasaka, ang isa sa mga haligi ng ating bansa. Kayo ang bumubuhay sa sambayanang Pilipino. Dama at batid po namin ang inyong hirap at sakripisyo.

'Ika nga, "magtanim ay hindi biro." Kahit may mga makinarya, kailangan pa rin ang masisipag na kamay at matitibay na puso ng mga magsasaka.

Buong puso po ang pasasalamat namin sa inyo. At hindi po titigil ang Administrasyong ito sa pagpapatupad ng mga programa na magpapabuti ng iyong mga kinabukasan.

Naniniwala ako na sa ating pagkakaisa, matutupad ang ating pangarap na pagkain sa bawat mesa, hanapbuhay na sapat sa araw-araw, at kinabukasang puno ng pag-asa.

Nasa ating mga kamay ang pagkilos para sa mas maunlad na Bagong Pilipinas.

Muli, napakaraming salamat po sa inyong lahat!

Mabuhay ang mga magsasakang Pilipino!

Mabuhay ang Bagong Pilipinas! *[palakpakan]*

Maraming salamat po at magandang umaga po sa inyong lahat.

**--- END ---**